


# Apat na Hakbang Patungo sa Langit





Ako ay naekasala.



"Alam kong kailangan ko ng tulong...hindi ko ito kayang mag-isa. Mayroon pang mas mahigit kaysa rito."

"Ito ay sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nakakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."

Mga Taga-Roma 3:23

Ako ay pinapatay ng kasalanan ko.



"Alam kong napakarami kong pagkakamaling nagawa."

"Ito ay sapagkat ang kabayaran nga ng kasalanan ay kamatayan ngunit ang walang bayad na kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan kay Kristo Jesus na ating Panginoon."

Mga Taga-Roma 6:23

Ngunit...narinig ko na si Jesus ay namatay para sa akin



"...Maaari pa kaya akong mahalín ng Diyos?"



"Ngunit ipinakita ng Diyos ang kaniyang pag-ibig sa atin na nang tayó ay makasalanan pa, si Kristo ay namatay para sa atin."

Mga Taga-Roma 5:8

Panginoon Jesus, naniniwala akong ikaw ay namatay at nabuhay na muli para sa akin. Patawarin mo ako sa aking mga kasalanan at iligtas mo ako.



"Jesus, mula sa puso ko alam ko na ikaw ang Panginoon ng lahat, ibinibigay ko sa iyo ang lahat ng aking kasalanan, ng buong puso at buong buhay ko. Patawarin mo ako at iligtas mo ako!"



"Ipahayag mong si Jesus ay Panginoon at sampalatayanan mo sa iyong puso na binuhay siyang mag-uli ng Diyos. Kapag ginawa mo ito, ikaw ay maliligtas."

Mga Taga-Roma 10:9

# GINAWA MO BA ANG MGA HAKBANG NA ITO?

Ngayon, ako'y  
mabubuhay mapag-  
kailanman sa langit  
kasama si Jesus.



Nanalangin ka na ba ng ganito:  
"Jesus, kailangan kita. Ngunit  
ang mga pagkakasala ko ay  
naglalayo sa akin sa Iyo,  
Panginoon. Subalit namatay ka  
ng dahil sa akin. Patawarin mo  
ako sa aking mga kasalanan  
Jesus, pumasok ka sa aking  
puso, maging aking Panginoon  
at Tagapagligtas. Amen.

Kung gayon, masasabi  
mong: "AKO AY BAGONG  
NILALANG!"

Kaya nga, kung ang sinuman ay na  
kay Kristo, siya ay bago nang  
nilalang. Ang mga dating bagay ay  
lumipas na, narito, ang lahat ng  
bagay ay naging bago.

2 Mga Taga-Corinto 5:17